

MGA AWIT SA MALIIT NA MISAL FEBRUARY 2006 TAON B

PAMBUNGAD NA AWIT

LIWANAG NG AMING PUSO

(Tagle-Hontiveros)

1. Liwanag ng aming puso sa ami'y manahan ka
Ang init ng yong biyaya sa amin ipadama
Patnubay ng mahihirap o aming pag-asa't gabay
Sa aming saya at hapis tanglaw kang kaaya-aya.
2. Liwanag ng kaaliwan sa ami'y dumalaw ka kalinga
mo ang takbuan noong unang-una pa
Pawiin ang aming pagod ang pasani'y pagaanin
Minamahal kong kandungan sa hapis kami'y hanguin.
3. Liwanag ng kabanalan sa ami'y mamuhay ka
Ang ningas ng yong pag-ibig ang syang magsilbing
gabay
Pag nalayo ka sa amin ang tao'y walang halaga
Di namin makakayanang hanguin ang kaluluwa.

MAGPURI SA PANGINOON

(Hontiveros)

- Koro: Magpuri kayo sa Panginoong Diyos
Lahat ng sangtinakpan
Magsiawit kayo at Siya'y ipagdangal
magpakailanman.
1. Magpuri kayo mga anghel ng Diyos
sa Panginoon Maykapal
Magpuri kayo mga langit
sa Diyos na sa 'nyo lumikha.
 2. Magpuri kayo sa Panginoong
buan at araw at bitwin
Umawit sa Kanyang karangalan,
ulan hamog at hangin.

AWIT SA PAG-AALAY

ANG ALAY KO

(Samonte-Mangulabnan)

1. Tanggapin Mo, Panginoon
Itong aking alay sa 'yo
Ibibigay, iaalay
Lahat ng yaman at buhay.

Koro:

Ihahandog sa 'yo
Papuri sa ngalan mo
Kahit na may kasalanan itong pusong nagmamahal
Tanging hiling sa 'yo
Sana'y tanggapin ang alay ko.

2. Ang aking dalangin
Maging karapatdapat sa iyong tingin
Itong pusong nananabik
Na makapiling ka tuwina.

Koda: ako ay tunatawag sa 'yo
Sana'y tanggapin
Sana'y tanggapin
Sana'y tanggapin
Ang alay ko.

ALAY NG PAGMAMAHAL

(Henry de Jesus)

(mula sa DCLM collection)

Isang bayan sa iisang dulang
Pinag-isang banal mong katawan
Ng ika'y maparangalan
At pag-ibig mo'y madama ngayon at magpakailanman.

Sa 'yo Ama'y inaalay
Alak at tinapay ng buhay
Sagisag ng banal mong pagmamahal
Kalugdan mo at basbasan
Yaring aming handog
Dalangin ng sambayanan mong nagmamahal.

TINAPAY AT ALAK (Samonte)

Ang maihahandog sa 'yo Panginoon
ay tinapay at alak mula sa 'ming kamay
sa 'yong kabutihan aming iaalay
ang tinapay at alak sagisag ng aming buhay.

1. Ang tinapay na ito'y nagmula sa lupa bunga ng paggawa kunin mo upang maging pagkaing nagdudulot ng buhay.
2. Ang alak na ito'y nagmula sa ubas bunga ng paggawa kunin mo upang maging inuming nagdudulot ng Espiritu.

AWIT SA KOMUNYON

AWIT NG PAGPAPANIBAGO (Gutierrez-Jetajobe-Magnaye)

Halina O Dyos naming mahal halina at kami'y baguhin dinggin mo ang panalangin ng bayan mong dumaraing. Kami ngayon ay tunghayan naghihina at sugatan nagkukulang sa pag-ibig at biyayang minamahal.

Halina aming Ama, isugo mo ang Espiritu nang kami ay matulad sa 'yong Anak na si Hesus.

Pagkatao namin ay baguhin puso namin ay pag-alabin nang ang mundo ay magbago buhay nami'y alay sa 'yo.

PUPURIHIN MAGPAKAILANMAN (Salmo 145) (Sevilla)

Aking ihahayag ang kadakilaan ng aking Diyos
Pasasalamat siya at pupurihin magpakailanman.

1. Lahat ay ihahayag ng yong kabutihan at mga gawa mong makapangyarihan aking sasabihin na Ikaw ay dakila kabaitan mo'y awitin tuwina.
2. Kanyang ginawa ay mabubuting lahat tumutulong sa suliranin ng tao aking pupurihin ang Diyos na si Yahweh sa ngalan nyang banal lahat ay magpupuri.

O HESUS, HILUMIN MO

Koro: O Hesus, hilumin mo, aking sugatang puso
Nang aking mahango kapwa kong kasing bigo.

1. Hapis at pait, iyong patamisin
At hagkan ang sakit nang magningas ang rikit.
2. Aking sugatang diwa't katawan
Ay gawing daan ng 'yong kaligtasan.

SA BAWAT SANDALI (Isidro-Ramirez)

Koro: Sa bawat sandali ng ating buhay
Pag-ibig ang nagbibigay kulay
Kung may pag-ibig may maiaalay
Mgiging mayaman sa lahat ng bagay
1. Kung ikaw man ay maging ulila
Pagmamahal di mo nakikita
Huminto kat iyong masisinag nasa kapwa tao ang palingap

PANGWAKAS NA AWIT

PAPURI AT PASASALAMAT (*Honrada*)
(*Magsiawit sa Panginoon p. 65*)

Koro: O Panginoon ko
buong puso kitang pasasalamatan
ang kahanga-hangang ginawa mo Yahweh
aking isasaysay dahilan sa 'yo
ako'y aawit ng may kagalakan
pupurihin kita sa aking awit
Panginoong kataastaasan.

1. Pupurihin kita aawitang may galak
puspos ka ng katarungan dakila ka sa lahat.

TANDA NG KAHARIAN NG DIYOS
(*L.Morano – M. Francisco*)
(*Tinapay ng Buhay*)

Koro: Humayo na't ipahayag, kanyang pagkaliunga't habag!
Isabuhay pag-ibig at katarungan, tanda ng Kanyang kaharian!

1. Sa panahong tigang ang lupa, sa panahong ang ani'y sa-
gana
Sa panahon ng digmaan at kaguluhan, sa panahon ng kapaya-
paan. (koro)
2. Ang mga dakila't dukha, ang banal at makasalanan
Ang mga bulag at lumpo, ang api at sugatan, ang lahat ay
inaanyayahan. (koro)

TAMBULI NG PANGINOON

Koro: Tambuli ng Panginoon lagi nating pakinggan
Sinuman at saanman lahat tayo'y magmahalan.

1. Lahat tayo ngayon ay maligaya sa pagpupuri sa ating
Ama
Tinanggap nati'y buhay at pagmamahal na sa puso'y bubukal.